



NEVADA SECRETARY OF STATE

PARA SA AGARAN NA PAGLABAS

Nobyembre 4, 2024 CONTACT: Cecilia Heston

Opisyal ng Pampublikong Impormasyon

SOSPPIO@sos.nv.gov

Ang Opisina ng Kalihim ng Estado ng Nevada ay nag anunsyo ng pagsasara ng mga botohan, paglabas ng paunang hindi opisyal na mga resulta mula sa Pangkalahatang Halalan ng 2024

CARSON CITY, NV – Nakatanggap ang Opisina ng Kalihim ng Estado ng Nevada ng kumpirmasyon ng 9: 45pm PST na ang lahat ng mga botohan sa Nevada ay sarado at ang huling botante ay bumoto. Ang paunang, hindi opisyal na mga resulta ay nai - post ng 9:55pm PST sa Results.NV.gov.

"Ang Nevada ay nagpapatakbo ng ilan sa mga pinakaligtas, matiwasay at malinaw na halalan sa bansa, at ipinagmamalaki kong makita ang napakaraming mga taga Nevada na nagpaparinig ng kanilang mga boses sa taong ito," sabi ni Kalihim ng Estado Francisco Aguilar. "Ang mga opisyal ng halalan sa buong estado ay nagtrabaho nang husto upang makapaghatid ng mga resulta sa gabi ng halalan, dahil iyon ang inaasahan ng mga botante. Ang Nevada ay isang battleground state, at magpapatuloy kami sa pag - update ng hindi opisyal na mga resulta habang ang mga county ay tumatanggap at nag-aayos ng mga karagdagang balota. Ang aming tanggapan ay patuloy na makikipagtulungan sa mga opisyal ng halalan ng county at lungsod upang patuloy na maipaalam sa mga botante ang anumang mahahalagang mga update bago ang sertipikasyon ng Pangkalahatang Halalan ng 2024."

Ang lahat ng mga canvass ng Pangkalahatang Halalan ng 2024 ay dapat mangyari sa bawat county o Lupon ng mga Komisyoner o Superbisor ng lungsod sa o bago ang ika -10 araw pagkatapos ng Pangkalahatang Halalan, sa Nobyembre 15. Ang Korte Suprema ng Nevada ay magpupulong upang i - canvass ang halalan sa Nobyembre 26. Ang mga resulta ng halalan ay hindi opisyal hanggang sa makumpleto ang mga canvass. Ang mga resulta ng halalan ay hindi opisyal hanggang sa makumpleto ang canvass ng Korte Suprema.

- Ang deadline ng pag-ayos ng lagda ay sa Martes, Nobyembre 12. Ang mga botante na nagbalik ng kanilang mga balota sa pamamagitan ng koreo o sa isang opisyal na drop box ng county ay dapat bantayan ang mga mensahe mula sa kanilang Klerk o Tagapagrehistro ng County upang patunayan o magbigay ng lagda at kumpirmahin na nabilang ang



NEVADA SECRETARY OF STATE

kanilang balota. Kung ang lagdangbotante ay nangangailangan ng pagpapatunay, makikipag-ugnayan ang Klerk/Tagapagrehistro sa contact information na ibinigay ng botante nung nagparehistro silang bumoto.

- Maaaring ayusin ng mga botante ang kanilang mga balota at matuto pa tungkol sa proseso ng pag-aayos ng lagda sa Cure.NV.gov .
- I - update ang iyong pagpaparehistro ng botante (kabilang ang address at contact information) sa VOTE.NV.gov sa lalong madaling panahon upang matanggap ang pinakabagong impormasyon sa halalan.

Ang mga bilang ng kinalabasan ng boto ay hindi opisyal at patuloy na ia- update sa pamamagitan ng canvass ng boto. Ang mga ulat para sa kinalabasan ng Maagang Pagboto at Araw ng Halalan, pati na rin ang kinalabasan ng balotang pinadala sa koreo, ay patuloy na ia-upload sa Turnout.NV.gov.

###